# Mga Biomarker ng Cancer

*Cancer Biomarkers - Tagalog*

Ang mga biomarker ay mga gene, protina, o iba pang mga substansyang lumalabas sa mga pagsusuri at nagbibigay sa mga doktor ng higit pang impormasyon tungkol sa cancer ng isang tao. Kahit na ang dalawang indibidwal ay may parehong uri ng cancer, ang mga selula ng cancer ay maaaring hindi eksaktong magkatulad. Ang bawat cancer ay may mga partikular na katangian na nakakaapekto sa kung paano ito lumalaki at kung paano tutugon ang cancer sa paggamot.

## Paano ginagamit ang mga biomarker para sa mga taong may cancer?

Ang mga biomarker ay makapagsasabi ng maraming bagay sa mga doktor tungkol sa cancer. Maaaring makita sa mga resulta ng pagsusuri ang:

- Maaaring maging pinakamainam na paggamot para sa cancer ng indibidwal
- Kung ang cancer ay malamang na lumaki at kumalat
- Kung gumagana ang paggamot
- Kung bumalik ang cancer

## Paano isinasagawa ang pagsusuri sa biomarker?

Karamihan sa mga pagsusuri sa biomarker ay isinasagawa sa mga selula ng cancer o dugo. Ang ibig sabihin nito ay mangangailangan ang iyong doktor na makakuha ng mga sampol ng iyong mga selula ng cancer o dugo.

- Para sa solidong tumor (tulad ng cancer sa suso, baga, colon, o prostate), ang mga sampol ay madalas na kinukuha sa panahon ng biopsy o operasyon. Kung ang sampol na tumor ay mahirap makuha, maaaring gamitin ang sampol ng dugo sa halip nito.
- Para sa mga cancer sa dugo (tulad ng leukemia o lymphoma), maaaring makuha ang mga sampol sa dugo o bone marrow.
- Para sa ilang cancer, maaaring makuha ang mga sampol mula sa ibang likido ng katawan (tulad ng ihi).

Ipapadala ang iyong sampol sa laboratoryo, kung saan ito ay susuriin para sa mga biomarker.

## Dapat ba akong magpasuri para sa biomarker?

Mayroong maraming uri ng mga biomarker, at higit pa ang laging natutuklasan. Ang ilang uri ng cancer, tulad ng cancer sa baga, suso, at colon, ay maaaring suriin para sa mga biomarker.

Para sa ilang uri ng cancer, ang pagsusuri para sa biomarker ay maaaring hindi pa kapaki-pakinabang. Alamin sa iyong cancer care team ang tungkol sa kung maaaring maisagawa ang pagsusuri para sa biomarker para sa uri ng iyong cancer.

## Ano ang mga dapat kong itanong tungkol sa mga biomarker?

Kausapin ang iyong cancer care team tungkol sa kung dapat kang magpasuri para sa biomarker. Maaaring kailanganin mo ring itanong ang:

- Puwede bang masuri ang aking cancer para sa mga biomarker? Bakit o bakit hindi?
- Saan ako puwedeng magpasuri?
- Magkano ang magagastos para sa pagsusuri para sa biomarker?
- Babayaran ba ng aking insurance ang pagsusuri para sa biomarker?
- Kung may biomarker ang aking cancer, ano ang ibig sabihin noon para sa aking paggamot?
- Kung may biomarker ang aking cancer, ano ang ibig sabihin noon para sa ibang miyembro ng aking pamilya?

Upang matutunan pa ang tungkol sa mga biomarker ng cancer at kung paano ginagamit ang mga ito, bisitahin ang **cancer.org/biomarkertests** o tawagan kami sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.



©2024, American Cancer Society, Inc.
No. TAG081411 Rev. 8/24

BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity